4

# Sagutang Papel sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin 3

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

**Sagutang Papel sa Filipino 4**
**Kuwarter 1: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2024- 2025**

Ang kagamitang panturong ito ay nakalaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024- 2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Mga Manunulat**:

- Leomar G. Mercado (Pagsanjan Integrated National High School)
- Domingo P. Uson, Jr.
- Mildred M. Tamayo
- Flerie Q. Antonio

**Mga Tagasuri:**

- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University Mindanao
- Joselito D. Daguison (Department of Education)

**Management Team**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | FILIPINO | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 3 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pag-unawa at Pagsusuri sa Parabula<br>Kayarian ng Tekstong Naratibo (Parabula)<br>Pag-uugnay sa Tekstong Biswal sa Tekstong Binasa | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 1: AYOS!**

**II. Layunin:** Pag-unawa at Pagsusuri sa Parabula

**III. Mga Kailangang Materyales:** papel at bolpen

**IV. Panuto:** Ayusin ang mga nakagulong titik upang mabuo ang kaisipang inilalarawan mula sa tinalakay sa nakalipas na aralin.

1. Kuwento na mga hayop ang mga tauhan at nag-iiwan ng aral sa mambabasá

   bulapa → ______________________

2. Ekspresyon na hindi gumagamit ng salita para ipahayag ang mensahe

   id-barbel an hadyut → ______________________

3. Salitang nagsasaad ng tunog na nagbibigay kahulugan sa pangungusap.

   maonopeyato → ______________________

4. Sinaunang gawain na naglalaman ng di-berbal na hudyat

   waltri → ______________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| **Asignatura** | FILIPINO | **Kuwarter** | 1 |
|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin** | 3 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pag-unawa at Pagsusuri sa Parabula<br>Kayarian ng Tekstong Naratibo (Parabula)<br>Pag-uugnay sa Tekstong Biswal sa Tekstong Binasa | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 2:** SURING LARAWAN

II. **Layunin:** Nauunawaan ang tekstong naratibong pabula; Natutukoy ang tayutay (onomatopeya) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto;

III. **Mga Kailangang Materyales:** papel at bolpen

IV. **Panuto:** Suriin ang nakikitang larawan at sagutin ang katanungan kaugnay dito.




**Gabay na tanong:**
1. Anong elemento ang makikita sa larawan?
2. Nagbabasa ka rin ba ng Bibliya? Bakit?
3. Bakit

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | FILIPINO | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 3 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pag-unawa at Pagsusuri sa Parabula<br>Kayarian ng Tekstong Naratibo (Parabula)<br>Pag-uugnay sa Tekstong Biswal sa Tekstong Binasa | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 3:** TALASALITA.

II. **Layunin:** Nauunawaan ang tekstong naratibong pabula;

III. **Mga Kailangang Materyales:** pangkulay at bolpen

IV. **Panuto:** Gamitin ang mga hindi nakaayos na salita sa Hanay A para maunawaan ang ipakahulugan ng mga nakasalungguhit na mga salita sa Hanay B. Matapos itong mabuo, isusulat ito sa Hanay C.

| HANAY A | HANAY B | HANAY C |
|---|---|---|
| bosinu | 1. **<u>Nilustay</u>** niya ang lahat-lahat ng kaniyang kayamanang minana sa walang kabuluhang bagay. | |
| hipargan | 2. Dahil sa kanyang ginawang desisyon ay lubha siyang **<u>nagdalita.</u>** | |
| kalongtu | 3. Kahit ang mga **<u>alipin</u>** kaniyang ama ay tiyak na hindi makukulangan sa makukulangan sa pagkain. | |
| sobramusu | 4. Sa kanilang tahanan ay **<u>lumalabis</u>** ang pagkaing inilalaan para sa mga katulong. | |
| kitama | 5. Nang **<u>nasilayan</u>** ng ama ang papalapit na anak, siya ay napatakbo upang salubungin ito. | |

V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

**Panuto:** Gamitin sa makabuluhang pangungusap ang mga salitang binigyang-kahulugan sa taas.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | FILIPINO | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 3 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pag-unawa at Pagsusuri sa Parabula<br>Kayarian ng Tekstong Naratibo (Parabula)<br>Pag-uugnay sa Tekstong Biswal sa Tekstong Binasa | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 4:** BASA-UNAWA

II. **Layunin:** Nauunawaan ang tekstong naratibong pabula;

III. **Mga Kailangang Materyales:** papel at bolpen

IV. **Panuto:** Basahin ang parabulang Alibughang Anak at sagutin ang katanungan kaugnay dito.

1. Sino-sino ang mga tauhan sa parabula?
2. Ano ang kahilingan ng bunsong anak sa kaniyang ama?
3. Ilarawan ang naging buhay ng bunsong anak nang maubos na ang kaniyang mana.
4. Paano tinanggap ng ama at ng panganay na kapatid ang pagbabalik ng bunsong anak at kapatid.
5. Anong mga katangian ng iyong ama/ina ang sumasalamin sa katauhan ng ama sa akda? Paano mo pinahahalagahan ang mga pag-aaruga sa iyo ng iyong mga magulang?

V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**PAREHONG EKSENA:** Ang sumusunod na pangyayari ay maaari ring mangyari sa tunay na buhay. Isulat ang naiisip mong kaparehong pangyayaring nasaksihan o nabalitaan, nabasa o napanood na kaugnay ng bawat sitwasyon.

1. Matapos kunin ang mana ay umalis siya at nagtungo sa malayong bayan.
   **Kaparehas na pangyayari:**_______________________________________________
2. Dahil sa gutom, nais na niyang kainin pati pagkain ng mga baboy na alaga niya.
   **Kaparehas na pangyayari:** _______________________________________________
3. Agad siyang nagpasyang bumalik sa dating tahanan at nagsisi sa mga maling nagawa.
   **Kaparehas na pangyayari:** _______________________________________________

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | FILIPINO | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 3 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pag-unawa at Pagsusuri sa Parabula<br>Kayarian ng Tekstong Naratibo (Parabula)<br>Pag-uugnay sa Tekstong Biswal sa Tekstong Binasa | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 5:** GAGAWIN KO

II. **Mga Layunin:** *Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap*

III. **Mga Kailangang Materyales:** papel at bolpen

IV. **Panuto:** Isulat ang iyong sasabihin batay sa sumusunod na sitwasyon.

1. Nakita mong nahihirapan ang iyong nanay sa pagbubuhat ng kaniyang pinamili sa palengke. Dali-dali kang lumapit sa kaniya, ano ang iyong sasabihin?
Tugon: ________________________________________________________

2. Nagsusulat ka sa iyong notebook ngunit nagkamali ka. Wala kang dalang pambura kaya hihiram ka sa kaklase mo. Ano ang sasabihin mo sa kaniya?
Tugon: ________________________________________________________

3. Nakita mong maraming papel ang nagkalat sa bahay ninyo. Kagagawan pala ito ng iyong kapatid. Ano ang sasabihin mo sa kaniya?
Tugon: ________________________________________________________

V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

1. Bakit mahalagang matutunan ang hugnayang pangungusap?

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | FILIPINO | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 3 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pag-unawa at Pagsusuri sa Parabula<br>Kayarian ng Tekstong Naratibo (Parabula)<br>Pag-uugnay sa Tekstong Biswal sa Tekstong Binasa | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 6:** AKING MASASABI

II. **Mga Layunin:** *Nabibigyang kahulugan ang mga tekstong biswal (dayagram) na namasid at napanood batay sa mga elemento nito.*

III. **Mga Kailangang Materyales:** papel at bolpen

IV. **Panuto:** Isulat ang iyong sasabihin batay sa mga sumusunod na larawan mula sa binasang parabulang, ANG ALIBUGHANG ANAK. Isaalang-alang ang paggamit ng angkop na wika batay sa edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang sitwasyon.


1. Kinukuha na ng anak ang kanyang mana sa ama.



2. Inuutusan mo ang iyong kasama sa bahay na bigyan ka ng maiinom.



3. Humihingi ka ng tawad sa iyong tatay dahil sa iyong kasalanang nagawa.



**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

**I FEEL IT.** Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang gintong aral na nakuha mo mula sa kuwento?

______________________________________________________________________________

2. Ano ang naramdaman mo sa sumusunod na pangyayari:

a. Pagkuha ng bunsong anak sa kaniyang mana

______________________________________________________________________________

b. Paglustay nito sa masasamang bisyo.

______________________________________________________________________________

c. Pagsisisi ng bunsong anak dahil sa sobrang kahirapan.

______________________________________________________________________________

d. Maluwag na pagtanggap ng ama sa nagbalik na anak.

______________________________________________________________________________

e. Pagtatampo ng nakatatandang kapatid.

______________________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| **Asignatura** | FILIPINO | **Kuwarter** | 1 | |
|---|---|---|---|---|
| **Bilang ng Aralin** | 3 | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pag-unawa at Pagsusuri sa Parabula<br>Kayarian ng Tekstong Naratibo (Parabula)<br>Pag-uugnay sa Tekstong Biswal sa Tekstong Binasa | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Gawain Bilang 7:** UGNAY-HUGNAY.

**II. Mga Layunin:** *Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan;*
*i. Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap ;*

**III. Mga Kailangang Materyales:** papel at bolpen

**IV. Panuto:** Kilalanin ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit, mula sa iba pang salita sa loob ng pangungusap. Bumuo ng hugnayang pangungusap gamit ang nasalungguhitang salita.

1. Sa kanilang tahanan ay labis pa ang mga pagkaing inilaan para sa mga katulong, sa sobrang dami ay hindi nila ito maubos.
KASINGKAHULUGAN: ____________________________________________
PANGUNGUSAP: ____________________________________________

2. Nilustay niya sa mga walang kabuluhang bagay ang kayamanang kahit kalian ay hindi winaldas ng kaniyang ama.
KASINGKAHULUGAN: ____________________________________________
PANGUNGUSAP: ____________________________________________

3. Lubhang nahabag ang ama nang makita ang anak, naawa siya sa kalagayan ng kaniyang pinakamamahal na anak.
KASINGKAHULUGAN: ____________________________________________
PANGUNGUSAP: ____________________________________________

4. Natanaw ng ama ang papalapit na anak, siya ay napabalikwas nang nasilayan ito.
KASINGKAHULUGAN: ____________________________________________
PANGUNGUSAP: ____________________________________________

5. Nalaman ng ama na ang kaniyang anak ay nagdalita matapos maubos ang kaniyang pera kaya't sadyang naghirap siya.
KASINGKAHULUGAN: ____________________________________________
PANGUNGUSAP: ____________________________________________

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | FILIPINO | **Kuwarter** | 1 |
| **Bilang ng Aralin** | 3 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pag-unawa at Pagsusuri sa Parabula<br>Kayarian ng Tekstong Naratibo (Parabula)<br>Pag-uugnay sa Tekstong Biswal sa Tekstong Binasa | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Gawain Bilang 8:** ALATUKLAS

**II. Mga Layunin:** *Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan;*
*Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap ;*

**III. Mga Kailangang Materyales:** papel at bolpen

**IV. Panuto:** Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari batay sa nabasang teksto. Lagyan ng bilang 1-5 ang patlang.

___A. Matapos maubos ang pera, naranasan niya ang mamuhay nang mag-isa at halos walang makain

__B. Wala siyang ibang ginawa kundi ang magsugal, magbisyo at maglustay ng pera

__C. Hiniling ng anak na ibigay ang kaniyang mana upang makapamuhay mag-isa.

__D. Buong yakap na tinanggap ng ama ang kaniyang suwail na anak.

___E. Naisip niyang bumalik at humingi ng tawad sa kaniyang ama.

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak (kung kailangan)**

**ALAM KO NA!** Ibigay ang mahahalagang natutuhan sa mga tauhan sa binasang parabula batay sa makikitang larawan.



**Alibughang-anak**



**Ama**



**Nakatatandang kapatid**